Tagalog | Filipino

# ***Okey*** lang ang magtanong

## Mga dapat itanong sa iyong pangkat na nangangalaga ng kalusugan (healthcare team) tungkol sa iyong **tumor sa utak** at paggamot



BRAIN TUMOUR
ALLIANCE AUSTRALIA Inc.

Ang proyektong Supporting People with a Brain Tumour (Pagsuporta sa mga Taong may Tumor sa Utak) ay isang Gawad na inisyatiba ng *Supporting People with Cancer (Pagsuporta sa mga Taong may Kanser)* Australia, na pinopondohan ng Pamahalaan ng Australya.

# *Pagkilala*

Noong 2016, Ang Brain Tumour Alliance Australia (Alyansa ng Tumor sa Utak sa Australya) ay ginawaran ng pondo para sa proyekto nitong Supporting People with a Brain Tumour upang bumuo ng mga bagong mapagkukunan para sa mga pasyenteng may tumor sa utak, kanilang mga tagapag-alaga at mga pamilya na kabilang sa CALD (magkakaibang kultura at wika) na mga komunidad.

Ang Pangunahing Lupon na binubuo ni Dr Danette Langbecker (Research Fellow, The University of Queensland), Dianne Legge (Olivia Newton-John Wellness & Research Centre - Austin Health), Dr Jonathan Parkinson (Neurosurgeon at Spinal Surgeon) at Sally Payne (Senior Advisor, IBTA) ang namamahala ng proyekto. Tinutulungan ito ng Pangkat sa Proyekto na kinabibilangan ni Patricia Berman, Catherine Hindson, Janet Micallef, Susan Pitt, Rigoula Roussakis, Philip Steel, at Annabelle Wilson.

Nais bigyan ng BTAA ng pagkilala ang mga pasyenteng may tumor sa utak at mga tagapag-alaga at mga miyembro ng pamilya na nag-ambag sa proyekto sa pamamagitan ng paglahok sa mga Focus Group noong Setyembre 2017 upang magbigay ng feedback sa mga sanggunian.

Nais ding bigyan ng BTAA ng partikular na pagkilala si Dr Danette Langbecker na bumuo ng unang It's Okay to Ask noong 2008 at ang Iskwela ng Pampublikong Kalusugan, Queensland University of Technology, na naglathala ng unang buklet.

QUT

THE UNIVERSITY OF QUEENSLAND
AUSTRALIA



## *Bago magpatuloy sa pagbasa...*

Gustong malaman ng ilang tao ang maraming mga detalye. Nakakaramdam sila na mas mayroon silang kontrol kapag nasa kanila ang lahat ng mga kaalaman (facts).

Ang ibang tao ay gusto lamang ng kaunting impormasyon. Naiinis sila kapag sila ay binibigyan ng masyadong maraming detalye. Marahil gusto nila ng mga simpleng impormasyon - halimbawa, ano ang tabletang iinumin o  ano ang kanilang magiging paggamot. **Huwag matakot sabihin sa iyong doktor kung gaano karami o kaunti ang gusto mong malaman.**

Maaaring ikaw ay may iba pang mga tanong na hindi nakalista dito. **Mayroong espasyo para isulat ang iyong mga tanong. Maaari ka ring magsulat ng mga tala.** Walang madaling sagot sa ilang tanong. At maaaring matagalan ang paghanap ng mga sagot. Kung minsan ay wala talagang sagot o kailangan mo lang maghintay. Ang pakikipag-usap sa iyong doktor at mga nars ay makakatulong upang maibsan ang iyong mga pangamba.

## *Paano kakausapin ang iyong doktor:*

- Magsama ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya sa doktor. Matutulungan ka nilang maalala ang mga bagay-bagay.
- Kung may mga tanong ka, ipagbigay-alam sa iyong doktor sa simula ng iyong pagbisita.
- Kung marami kang mga tanong, humiling sa receptionist ng mas mahabang oras na pakikipagkita.
- Lahat ay bago para sa iyo. Mahalagang sabihin sa iyong doktor kung may hindi ka nauunawaan sa kaniyang sinabi.
- Walang masama sa pagsasabi sa iyong doktor na hindi mo nauunawaan.
- Normal lang na kailangan mong marinig ang isang impormasyon nang mahigit sa isang beses.
- Ang trabaho ng iyong doktor ay pawiin ang mga pag-aalinlangan o pag-aalala. Mahalagang malaman nang tama ang mga bagay-bagay.
- Tanungin sa iyong doktor kung sino pa ang mayroong kapaki-pakinabang na impormasyon.
- Maaari kang isangguni ng iyong doktor sa iba pang mga propesyonal sa kalusugan sa inyong lugar.

Ang buklet na ito ay tinatawag na ***Okey lang ang magtanong***. May mga tanong dito na maaari mong itanong sa iyong mga doktor o iba pang mga kawani. Ang mga taong may tumor sa utak ay tumulong sa pagsulat ng buklet na ito. Tumulong din ang kanilang mga pamilya, mga doktor at mga nars

Ang buklet na ito ay tutulong sa iyong makuha ang impormasyon at suportang kailangan mo. Ito ay magandang **punto para magsimula**. Nakalista dito ang mga tanong na naging kapaki-pakinabang sa ibang mga pasyente at mga doktor.

Ang buklet na ito ay may mga tanong tungkol sa:

- diyagnosis
- kung ano ang maaasahan mo sa hinaharap
- mga sintomas at pagbabago
- ang pangkat na nangangalaga ng kalusugan
- suporta
- paggamot at pamamahala
- kung ano ang maaasahan pagkatapos ng paggamot

Maaaring nais mo lamang basahin ang mga ito kung naaapektuhan ka ng mga ito sa ngayon. **Hindi lahat ng tanong ay angkop sa iyo.** Ang iba't ibang tumor ay may iba't ibang epekto at paggamot. Okey lang kung ayaw mong itanong ang mga tanong na ito o ayaw mong marinig ang mga sagot.

# MGA NILALAMAN

DIYAGNOSIS ........ 8

Mga pagsusuri

ANO ANG MAAASAHAN SA HINAHARAP ........ 10

MGA SINTOMAS & PAGBABAGO ........ 12

Mga kumbulsyon (Seizure)

Ang mga pagbabago sa pag-iisip at personalidad

ANG PANGKAT NA NANGANGALAGA NG KALUSUGAN 16

Multidisciplinary teams

(Mga pangkat na may maraming larangan)

Makipag-ugnayan sa mga doktor at iba pang mga miyembro ng pangkat na nangangalaga ng kalusugan

Ang mga pagbisita sa mga doktor

SUPORTA ........ 20

Impormasyon

Praktikal na mga isyu

Pinansiyal na mga isyu

Suporta ng kasamahan

PAGGAMOT AT PAMAMAHALA ........ 24

Mga pangalawang opinyon

Mga dapat itanong tungkol sa iba't ibang paggamot

Pag-oopera

Mga gamot na iniinom

Chemotherapy

Radiotherapy

Iba pang mga paggamot

Malusog na pamumuhay sa panahon ng paggamot

Komplementaryo at alternatibong mga gamot

Klinikal na mga pagsubok

Palyatibong pangangalaga

PAGKATAPOS NG PAGGAMOT ........ 34

Pagbabalik sa normal

# DIYAGNOSIS

- Maaari mo bang isulat ang pangalan ng aking tumor? May iba pa bang mga pangalan ang aking tumor?
- Nasaan ito sa aking utak? Ano ang silbi ng bahaging iyon ng utak?



- Ito ba ay mabagal - o mabilis lumaki?
- Gaano kalaki ang tumor? Gaano karami ang tumor?
- Ano ang dahilan ng tumor na ito? Mas malaki ba ang panganib na magkaroon ng tumor sa utak ang aking kapamilya?
- Hindi ko alam kung paano ko sasabihin sa aking pamilya o (mga) anak ang tungkol dito – Paano ko ito ipapaliwanag?
- Ano kaya ang nakatulong sa iba para maibsan ang istres ng diyagnosis na ito? May makakausap ba ako o ang aking pamilya para matulungan kaming makayanan ito?

## MGA PAGSUSURI

- Anong impormasyon ang ibibigay ng pagsusuring ito? Paano maaapektuhan ng impormasyong ito ang aking paggamot o pangangalaga?
- Ano ang kasama sa pagkakaroon ng pagsusuri? Masakit ba ito?
- Kailan ko makukuha ang resulta ng aking pagsusuri? Sino ang magsasabi sa akin ng resulta?
- Puwede ba akong magkaroon ng kopya ng resulta ng aking pagsusuri?



- Dapat ko bang ipagpatuloy ang aking mga karaniwang gawain hanggang matanggap namin ang mga resulta ng pagsusuri? May dapat ba akong gawin o hindi gawin?

# MGA TALA



# ANO ANG MAAASAHAN SA HINAHARAP



- Kumusta ang lagay ko sa palagay mo?
- Malamang bang bumalik ang aking tumor pagkatapos ng paggamot?
- Kung ang tumor ay malamang na bumalik, gaano katagal bago ito magbalik?
- Ano ang tsansa na magagamot ang aking tumor?
- Gaano katagal karaniwang nabubuhay ang mga taong may ganitong uri ng tumor? Gaano katagal ang nalalaman mo?
- Ano ang aking tsansa na malagpasan ito?
- Maaari bang maging mas agresibo ang aking tumor sa hinaharap?
- Maaari bang bumuti ang tumor nang walang paggamot? Mas lalala ba ito kung hindi gagamutin?
- Ano ang tinitingnan mo para mahulaan ang mangyayari sa hinaharap?
- Kung ang aking tumor ay hindi magagamot, ano ang maaasahan ko sa hinaharap? Paano ilalarawan ang pinakamabubuti at pinakamasasamang mga araw?







# MGA TALA



# MGA SINTOMAS AT PAGBABAGO



- Ano ang mga sintomas na maaaring mangyari sa hinaharap?
- Anong mga pagbabago ang normal? Anong mga pagbabago ang dapat kong asahan?



- May mga problema bang dapat kong antabayanan? Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong isa sa mga problemang ito?
- Hanggang kailan tatagal ang mga sintomas? Ang mga sintomas ba ay permanente?
- Sino ang dapat kong tanungin tungkol sa mga paggamot?
- Sino ang dapat kong tanungin tungkol sa mga side effect?
- Anong mga sintomas o mga pagbabago ang kailangan kong sabihin sa iyo?
- Magbabago ba ang aking hitsura?
- Maaari pa rin ba akong magtrabaho?
- Magagawa ko pa ba ang mga bagay na dati kong ginagawa?
- Kailangan ko bang magpahinga? Magkakaroon pa rin ba ako ng parehong enerhiya?
- Maaari pa rin ba akong magmaneho? Kailangan ko bang ipaalam sa mga pamunuan ng pagmamaneho ang tungkol sa aking tumor?
- Maaapektuhan ba ang aking pakikipagtalik (sex life)?
- Ano ang maaari kong gawin kung nakakaramdam ako ng lungkot, pagkabahala o galit?




## MGA TALA




## MGA KUMBULSYON (SEIZURE)

- Ako ba ay malamang na magkaroon ng mga kombulsyon (seizures)?
- Ano ang dapat gawin ng aking pamilya sakaling atakihin ako ng kumbulsyon (seizure)?
- Kailan ako dapat magpunta sa ospital o tumawag ng ambulansiya?
- Ano ang hitsura at pakiramdam ng kinukumbulsyon?
- May mga palatandaan ba ang pagkakaroon ng kombulsyon?



## ANG MGA PAGBABAGO SA PAG-IISIP AT PERSONALIDAD

- Paano nababago ang aking pag-iisip, mga kilos o personalidad?
- Maaari mo ba akong isangguni sa isang tao na maaaring sumuri kung ang aking pag-iisip ay nagbabago?
- Paano ko malalaman kung ang aking pag-iisip o mga kilos ay nagbago?



# MGA TALA



# ANG PANGKAT NA NANGANGALAGA NG KALUSUGAN



- Sino ang namamahala ng aking pangangalaga?
- Anong mga uri ng mga doktor at mga kawani ang mangangalaga sa akin?
- Kailan ko makikilala ang mga taong may kinalaman sa aking pangangalaga?
- Gaano karaming mga taong tulad ko ang ginagamot mo taun-taon?
- Sino ang makakausap ko kung ako ay nag-aalala tungkol sa aking pangangalaga?
- May makikipag-usap ba sa aking GP tungkol sa aking tumor?
- Maaari ba akong makakuha ng interpreter upang tulungan tayo?
- Maaari ba akong makipag-usap sa isang doktor o miyembro ng kawani na mula sa aking kultura?

## MULTIDISCIPLINARY TEAMS (MGA PANGKAT NA MAY MARAMING LARANGAN)

- Ano ba ang multidisciplinary team (pangkat na may maraming larangan)?
- Nagtatrabaho ka ba bilang bahagi ng isang multidisciplinary team?
- Ano ba ang kahulugan ng pagkakaroon ng multidisciplinary team?
- Paano pamamahalaan ng aking pangkat ang pangangalaga sa akin?







# MGA TALA



## MAKIPAG-UGNAYAN SA MGA DOKTOR AT IBA PANG MGA MIYEMBRO NG PANGKAT NA NANGANGALAGA NG KALUSUGAN





- Sino ang makakausap ko kung nabigyan ako ng nakalilitong payo?
- Sino ang aking unang punto ng kontak?
- Paano ko makokontak ang aking pangkat na nangangalaga ng kalusugan?
- Ano ang dapat kong talakayin sa aking GP?
- Ano ang dapat kong talakayin sa aking oncologist?
- Ano ang iba pang mga serbisyong makukuha ko? Paano ko makukuha ang mga ito?
- Sino ang tutulong sa akin sa aking mga gamot?
- Sino ang makakausap ko sa labas ng ospital?
- Paano ako makikipag-ugnayan sa iyo sa labas ng mga takdang oras?
- Sino ang dapat kong kausapin sa oras ng emerhensiya?


## ANG MGA PAGBISITA SA MGA DOKTOR



- Kanino ako susunod na makikipagkita, kailan at saan?
- Kailan kita makikitang muli?
- Gaano kadalas ako makikipagkita sa iyo?



- Anong mga serbisyo ang makakatulong sa aking karamdaman at paggamot?
- Paano ako makakakuha ng mga serbisyong suporta kapag umuwi na ako?
- Maaari mo ba akong iugnay sa  mga samahang nagbibigay ng impormasyon at suporta para sa mga taong katulad ko?
- Ano ang dapat kong sabihin sa aking pamilya at mga kaibigan?
- Paano ako masusuportahan ng aking pamilya?
- Dapat ko bang sabihin sa paaralan ng aking mga anak ang tungkol sa aking karamdaman? Paano makakatulong ang paaralan habang ako ay may sakit?
- Paano kung hindi ko makayanan  o kung ako ay nalulungkot?
- May tao bang makakatulong sa akin upang makaangkop? May tao bang makakatulong sa aking pamilya?
- Mayroon ba akong makakausap tungkol sa aking espirituwal na mga pangangailangan?
- Sino ang makakatulong sa akin upang gumawa ng Habilin (Will) o Advance Medical Directive (Paunang Medikal na Kautusan)?





## IMPORMASYON

- Mayroon bang mapagkakatiwalaang mga website na may impormasyon tungkol sa aking tumor?
- Saan ako makakabasa ng higit pa tungkol sa paggamot?
- Saan ako makakakuha ng suporta?
- Mayroon ka bang karagdagang impormasyon sa ibang mga wika?
- Mayroon ka bang anumang impormasyon na maibibigay ko sa aking pamilya o mga anak?

## PRAKTIKAL NA MGA ISYU

- Sino ang magbibigay sa akin ng impormasyon tungkol sa tulong ng pamahalaan o tulong-pinansyal? Makakahingi rin ba ng tulong ang aking pamilya?
- Saan ako puwedeng pumarada kapag ako ay nagpapagamot?
- Maaari ba akong makakuha ng permiso sa paradahan para sa may kapansanan (disability parking permit)? Paano ko makukuha ito?
- Makakakuha ba ako ng mga voucher ng taksi kung hindi na ako makapagmaneho?
- Saan ako puwedeng tumuloy kung kailangang maglakbay para sa pagpapagamot? Maaari rin bang makasama ang aking pamilya sa tutuluyan?
- Maaari ba akong makakuha ng tulong sa bahay o sa hardin? Maaari rin ba akong makakuha ng pangangala ng nars sa bahay?
- Mayroon bang magtuturo sa aking pamilya kung paano ako aalagaan sa bahay?
- Dapat ko bang subaybayan ang aking mga gamot? Paano ko ito dapat gawin?
- Saan ako puwedeng humiram o magrenta ng mga kagamitang makakatulong sa akin sa bahay?
- Saan ako makakakuha ng peluka o bandana?



## SUPORTA NG KASAMAHAN

- Maaari mo ba akong iugnay sa isang taong nakaranas ng ganito?
- May alam ka bang mga suportang grupo? Paano ba gumagana ang mga suportang grupo?
- Anong mga suportang grupo sa  telepono o online ang maaari kong gamitin?

# PINANSIYAL NA MGA ISYU



- Magkano ang halaga ng aking mga pakikipagkita? Magkano ang ibabalik sa akin ng Medicare?
- Magkaiba ba ang paggamot sa sistemang pampubliko at pribado? Paano ba ang mga gastos na mula sa sariling bulsa?
- Anong mga dokumento ang kailangan kong itabi para sa aking seguro sa kalusugan?
- Ano ang magagawa ko kung ang aking pribadong tagaseguro sa kalusugan ay tumangging magbayad para sa isang bagay?
- May tao bang makakausap ko tungkol sa pananalapi?
- Maaari ba akong makakuha ng mas murang gamot?
- Maaari ba akong makakuha ng tulong sa mga gastos sa pagsusuri o paggamot?
- Maaari ba akong makakuha ng pinansyal na tulong kung naglalakbay ako para sa mga pagsusuri o paggamot? Makakakuha ba ang aking pamilya ng pinansyal na tulong para makasama sa aking paglalakbay?
- Maa-access ko ba ang aking superannuation upang makatulong sa mga gastusin sa aking karamdaman?
- Nag-aalok ba ng pinansyal na tulong ang iba pang mga organisasyon sa mga taong nasa sitwasyon ko?





# PAGGAMOT AT PAMAMAHALA

- May sinusunod ka bang gabay sa paggamot ng mga taong may tumor na tulad ko?
- Gaano katagal bago ko kailangang magpasya kung anong mga paggamot ang aking kukunin?
- Sa iyong palagay, anong paggamot ang pinakamainam para sa akin? Bakit?



- Ano ang mga opsyon ko kung hindi gumagana ang aking paggamot?
- Paano mo malalaman ang lagay ko?
- Paano ko malalaman kung dapat kong ihinto ang paggamot?
- Ano ba ang aking plano sa paggamot? Ano ang susunod na mangyayari?
- Ano ang maaaring magpabago sa aking plano ng paggamot?
- Sino ang maaaring gumawa ng medikal na desisyon para sa akin kung hindi ko na kayang gumawa nito? Ano ang kailangan kong gawin upang tulungan ang iba na gumawa ng medikal na mga desisyon para sa akin?



## MGA PANGALAWANG OPINYON

- Maaari mo ba akong isangguni sa isang taong pinagkakatiwalaan mong magbigay ng pangalawang opinyon?



- Maaari ba akong makakuha ng pangalawang opinyon, kahit gusto kong manatiling pasyente mo para sa aking paggamot?
- Paano ko makukuha ang aking mga medikal na rekord upang maipakita ko ang mga ito sa isa pang doktor para sa pangalawang opinyon?

# MGA TALA



# MGA DAPAT ITANONG TUNGKOL SA IBA'T IBANG PAGGAMOT

- Paano maaapektuhan ng paggamot na ito ang aking mga sintomas at tsansang mabuhay?
- Ano ang kasali sa paggamot? Ano ang mararanasan ko?
- Gaano katagal bago ko malaman kung ang paggamot ay gumagana?
- Anong mga pagsusuri ang kailangan ko habang ginagamot o pagkatapos ng paggamot?



- Saan ako bibigyan ng paggamot? Maaari ko ba itong kunin sa lugar na malapit sa aking tirahan? Maaari ko ba itong makuha bilang outpatient?
- Sino ang magbibigay sa akin ng paggamot? Siya ba ay isang espesyalista?
- Paano maaapektuhan ng paggamot na ito ang aking pang-araw-araw na mga gawain? Magagawa ko bang magtrabaho, maglakbay at magmaneho?
- Maaapektuhan ba ng paggamot na ito ang aking kakayahang magkaroon ng anak? Paano ko pamamahalaan ang aking kakayahang magkaroon ng anak?
- Ano ang makikita o mararamdaman ko habang ginagamot o pagkatapos ng paggamot?
- Gaano katagal ang mga epekto? Magpapatuloy ba ang mga ito pagkatapos ng aking paggamot?
- Maiiwasan ba natin ang mga side effect ng paggamot? Ano ang magagawa natin upang pamahalaan ang mga side effect?

## PAG-OOPERA

- Plano mo bang tanggalin ang buong tumor?
- Paano mo gagawin ang operasyon?
- Gising ba ako habang inoopera?
- Saan ka gagawa ng hiwa? Gaano kalaki ito?
- May makapagbabago ba sa iyong plano para sa aking operasyon?
- Magagamot ba ako ng operasyong ito? Matutulungan bang kontrolin ng operasyon ang aking mga sintomas?
- Ano ang kailangan kong dalhin sa ospital?
- Ano ang mararamdaman ko paggising ko mula sa operasyon? Anong mga tubo o drip ang ikakabit sa akin?
- Gaano katagal ako sa ospital pagkatapos ng operasyon?
- Gaano katagal bago natin malaman kung gumana ang operasyon?



## PAGKATAPOS NG OPERASYON

- Tinanggal mo ba ang buong tumor? Bakit o bakit hindi?
- Gaano karaming tumor ang naiwan? Saang banda ito?


## MGA GAMOT NA INIINOM

- Para saan ang mga tabletang ito?
- Ano ang maaari kong gawin kung may problema ako sa pag-inom ng aking mga tableta?
- Ano ang aking gagawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis o isinuka ko ito?
- Ano ang gagawin ko kung nakainom ako ng masyadong maraming pildoras?
- Gaano katagal kong iinumin ang mga gamot na ito?
- Dapat ko bang ituloy ang pag-inom ng aking mga karaniwang gamot habang ako ay umiinom ng mga ito?



- Magkakaroon ba ng anumang epekto ang mga gamot na ito sa aking kasalukuyang mga karamdaman?
- Maaari ko bang bilhin ang mga tabletang ito sa aking karaniwang botika?
- Dapat ko bang bilhing lahat ang inuulit na reseta? Maaari bang magbago ang aking reseta o dosis?
- Dapat ko bang ituloy ang pag-inom ng mga gamot sa sumpong kung sinusumpong ako? Dapat ko bang baguhin ang dosis?

## CHEMOTHERAPY




- Ano-anong mga gamot ang ibibigay sa akin habang nagke-chemotherapy? Ano ang mga dosis?
- Paano ako bibigyan ng chemotherapy?
- May kailangan ba akong gawin upang protektahan ang aking sarili sa oras o pagkatapos ng aking chemotherapy? Paano naman ang ibang tao?
- Kailangan ko bang gumamit ng birth control habang nagke-chemotherapy?

# MGA TALA



## RADIOTHERAPY




- Anong uri ng radiotherapy ang ibibigay sa akin?
- Sa anong uri ng mga pamamaraan ako sasailalim bago ang radiotherapy?
- Kailangan ko bang magsuot ng mask sa radiotherapy?
- Maaari mo ba akong turuang mag-relaks habang nasa aking paggamot?
- Paano ko maaalagaan ang aking balat habang nasa radiotherapy?
- Maaapektuhan ba ng radiotherapy ang aking pag-iisip?

## IBA PANG MGA PAGGAMOT

- Mayroon bang mga bagong paggamot o mga klinikal na pagsubok na maaaring makatulong sa akin? Ibinibigay ba ang mga ito dito o sa ibang ospital?
- Narinig ko na may mga bagong paggagamot sa kanser. Ano ang mga ito? Makakatulong ba ang mga ito sa akin?

## MALUSOG NA PAMUMUHAY SA PANAHON NG PAGGAMOT

- Maaari ba akong magpatuloy sa  pagtatrabaho sa panahon ng paggamot? Paano ko mapapangasiwaan ang mga sintomas at mga side effect habang nasa trabaho?
- Mayroon bang anumang mga suplemento o pagbabago sa diyeta na makakatulong sa akin upang manatiling malusog sa panahon ng paggamot?



- Maaari ba akong magmaneho habang nasa paggamot?
- Ano ang dapat kong gawin kung magsimula akong makaramdam ng pagod? Dapat ba akong magpahinga pa? Makakatulong ba ang pag-eehersisyo?




- Mayroon pa ba akong magagawa upang manatiling malusog sa panahon ng paggamot?

## KOMPLEMENTARYO AT ALTERNATIBONG MGA GAMOT

- Ano ang mga komplementaryo at alternatibong mga gamot?
- Mayroon bang mga komplementaryong gamot na maaaring makatulong sa akin? Mayroon ba akong dapat iwasan?
- Paano ko malalaman kung ligtas ang isang alternatibong gamot?
- May mairerekomenda ka bang mapagkakatiwalaang impormasyon o mga website tungkol sa mga alternatibong gamot?
- Puwede ko bang inumin ang aking karaniwang mga bitamina o mga halamang-gamot sa panahon ng aking paggamot?
- Posible bang magdulot ng problema ang iba pang mga gamot na iniinom ko sa aking medikal na paggamot?
- Kailangan ko bang sabihin sa iyo ang tungkol sa ibang mga gamot na iniinom ko?
- Maaari ka bang kontakin ng aking  alternatibong manggagamot  upang talakayin sa iyo ang aking pangangalaga?



## KLINIKAL NA MGA PAGSUBOK



- Ano ang mga klinikal na pagsubok?
- May mga klinikal na pagsubok ba na maaaring maging epektibo para sa akin?
- Ano ba ang ibig sabihin ng pagkalahok sa isang pagsubok?
- Magkano ang kailangan kong bayaran kung lalahok ako sa isang pagsubok?
- Sino ang kokontakin ko kung nagkaproblema ako habang nasa isang pagsubok?

## PALYATIBONG PANGANGALAGA



- Ano ang palyatibong pangangalaga?
- Ano ang maaaring ialok sa akin ng palyatibong pangangalaga?
- Maaari ba akong makakuha ng tulong mula sa pangkat ng palyatibong pangangalaga sa bahay?



# PAGKATAPOS NG PAGGAMOT

- Kailangan ko bang magkaroon ng higit pang mga paggamot sa hinaharap? Para saan?
- Ano ang magagawa ko upang gumaling?
- Anong mga pagsusuri ang kakailanganin ko sa hinaharap? Para saan? Gaano kadalas ko  kakailanganin ang mga ito?
- Sino ang dapat kong makita pagtapos sa paggamot? Gaano kadalas ko siyang makikita?
- Ano ang dapat kong gawin kung ako ay nag-aalalang bumalik ang aking tumor?
- Anong mga paggamot ang kailangan ko kung bumalik ang aking tumor?



## PAGBABALIK SA NORMAL

- Ano ang mangyayari sa panahon ng aking paggaling?
- Gaano katagal bago ako makabalik sa normal?
- May mga sintomas o pagbabago ba na magiging permanente?
- Sino ang makakausap ko tungkol sa pagharap sa mga pagbabago sa aking buhay?
- Ano ang dapat kong pag-isipan bago bumalik sa trabaho?



- Maaari mo ba akong isangguni sa isang taong tutulong sa akin upang makabalik sa trabaho?
- Ano ang dapat kong sabihin sa aking tagapag-empleyo tungkol sa aking karamdaman?
- Kailan ako maaaring magsimulang muli sa pagmamaneho?
- Maaari ba akong maglakbay muli?



BRAIN TUMOUR
ALLIANCE AUSTRALIA Inc.

Para sa karagdagang impormasyon:

**tumawag:** 1800 857 221

**mag-email:** enquiries@btaa.org.au

**bisitahin:** btaa.org.au